

Para sa ibang nasyonalidad }
na ngayon pa lamang magpapagawa ng resident
certificate. (juminhyo)
na lumipat sa Ota ku

Sa pagkakataong ito, kami po ay nagpapasalamat at napili ninyo ang Ota ku bilang lugar ng inyong tirahan.

Naisagawa na po namin ang inyong resident certificate (juminhyo) sa pagtanggap nito. Ang resident certificate ay opisyal na sertipiko na nagpapatunay na ikaw ay may address sa Japan.

Sa pag-lilipat sa bansang Hapon, nararapat na isagawa ang 「moving out notice」 at 「moving in notice」 o kaya ang 「relocation notice」. Tandaan po ito.

1. Mga pamamaraan ng pag-lilipat sa loob ng bansang Hapon.

A. Moving out notice

Kapag lumipat sa ibang lungsod mula sa Ota ku, kinakailangan na i-report ito. Mayroon kayong 14 days para ayusin ito bago ang araw ng pag-lilipat.

B. Moving in notice

Kapag lumipat sa Ota ku mula sa ibang lungsod, sa Ota ku mag-report. Kapag lumipat sa ibang lungsod mula sa Ota ku, mag re-report sa lungsod na nilipatan. Kailangan na ipaalam sa loob ng 14 days simula ng pagkalipat.

Hindi maaaring gawin bago lumipat.

Hindi maaaring mag report ng 「moving in」 kung walang 「moving out」.

Siguraduhin na gawin ang sumusunod 「moving out notice」 muna bago ang 「moving in notice」.

C. Relocation notice

Gagawin ito kung maglilipat sa lugar sa loob ng Ota ku. Mag report sa loob ng 14 days pagkatapos lumipat. Hindi maaaring i-report bago lumipat.

D. Kapag na-atraso sa pag report

Maaari kayong magreport kahit na lumagpas na ang 14 days, subalit kapag kayo ay atrasado na, kailangan na magpasa kayo ng notipikasyon na kayo ay atrasado kasabay ng pag report ng 「moving out」 o 「moving in」.

Sa pangyayaring ito, maaari kayong pagbayarin ng penalty fee na 50,000 yen.

Kapag alam na ninyo ang address ng lilipatan, ipaalam na agad sa lungsod ng kasalukuyang tinitirahan.

2. Kung aalis ng bansa

A. Aalis sa bansa ng mahabang panahon at nakakuha ng re-entry, o kung aalis na ng Japan at maninirahan na sa ibang bansa.

Kailangan na isagawa ang 「moving out of the country notice」 bago lumabas o umalis ng Japan. Kung hindi naisagawa ang pag re-report bago lumabas ng Japan at

kayo ay nakalipat na sa ibang bansa, maaaring ipadala sa pamamagitan ng koreo ang 「moving out of the country notice」 .

Ngayon, kung sakali man na kinalimutan ang pagsagawa ng 「moving out of the country notice」 at bumalik ng Japan, maaari itong hindi tanggapin.

Mag-ingat po lamang ukol sa bagay na ito.

B. Pag-alis sa Japan sa maikling panahon dahil sa trip, travel tour, atbp.

Kung ang pamumuhay ay nasa loob na ng Japan, hindi na kailangang gawin ang 「moving out of the country notice」 pag labas ng bansa.

Hindi mababago ang resident certificate (juminhyo) kahit hindi gawin ito.

Ota City Office Household Residents Registry Division